7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Quarter 2
Aralin
2

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7**
**Kuwarter 2: Aralin 2**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Jennet F. Pajura (West Visayas State University)

**Tagasuri:**

- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**Edukasyon sa Pagpapakatao / Kuwarter 2 / Baitang 7**

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagtupad sa mga tungkulin sa pamilya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagtupad sa mga tungkulin sa pamilyang kinabibilangan bilang tanda ng pagiging matiyaga. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging matiyaga sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga kahalagahan at kahihinatnan ng pagtupad sa sariling tungkulin sa pamilyang kinabibilangan.<br>1. Natutukoy ang mga tungkulin sa pamilya na nararapat tuparin.<br>2. Naipaliliwanag na ang pagtupad sa mga tungkulin sa pamilya ay nakapaglilinang ng mga mabuting gawi, positibong pagtingin sa sarili, at nakapagpapatibay ng ugnayan sa pamilya.<br>3. Naisasakilos ang pagtupad sa mga tungkulin sa pamilyang kinabibilangan. |
| **C. Nilalaman** | 1. Mga Tungkulin ng Bawat Kasapi ng Pamilya<br>2. Epekto ng Pagtupad sa mga Tungkulin<br>3. Paraan ng Pagsasakilos sa mga Tungkulin sa Pamilyang Kinabibilangan |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Matiyaga (*Perseverance*) |
| **E. Integrasyon** | |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Bognot, R. C. et al. (2013). Edukasyon sa Pagpapakatao Ikawalong Baitang Modyul para sa Mag-aaral, Unang Edisyon. ISBN: 978-971-9990-80-2.

Chung, W. (2021). Marriage, family, and the sex of your significant other: The case of Taiwan. Asia Research Institute (ARI), National University of Singapore. https://ari.nus.edu.sg/ariscope/marriage-family-and-the-sex-of-your-significant-other-the-case-of-taiwan/

Evason, N. (2017). Italian Culture. Cultural Atlas. https://culturalatlas.sbs.com.au/italian-culture/italian-culture-family

Forever Family (2020). Family Strengths: Clear Roles and Responsibilities. https://foreverfamilies.byu.edu/family-strengths-clear-roles-and-responsibilities
Gagahina, B. C. (2021). Araling Panlipunan 10 Ikatlong Markahan - Modyul 1: Mga Isyu at Hamong Pangkasarian. Unang Edisyon. https://www.studocu.com/ph/document/araullo-university/accounting-cost-and-control/ap10-q3-m1-na/13970699
Gonzales, R. (2013). Transformative Values Education Series. My Family: A Gift of God. Quezon City : Phoenix Publishing House, [Copyright 2013.] https://library.jru.edu/cgi-bin/koha/opac-detail.pl?biblionumber=179168. ISBN: 9789710633708.
Manlapaz, I. M. (w.p.). Pantay na Tungkulin ng mga Magulang sa Loob ng Tahanan. The Atlantic, Plan International, Right for Education. https://ph.theasianparent.com/tungkulin-ng-lalaki-sa-pamilya
Mañebog, J. DG. (2023). Ang Mga Tungkulin ng Bawat Kasapi ng Pamilyang Kinabibilangan: Isang Gabay sa Pag-unawa at Pagkakaisa. https://ourhappyschool.com/Ang-mga-tungkulin-ng-pamilya-sa-pagpapanatili-ng-kalinisan-ng-tubig
Matatag Curriculum Good Manners and Right Conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values Education (VE). Republic of the Philippines Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City (Baitang 7-10)
Rallama, Z. V. (2008). Ang Tao: Ugat ng Pakikipagkapwa: Edukasyon sa Pagpapahalaga II. Karapatang Sipi ng 2008 ng Gabay Eskwela Publishing House.
Scroope, C. & Evason N. (2017). Chinese Culture. Cultural Atlas. https://culturalatlas.sbs.com.au/chinese-culture/chinese-culture-family
Siason, A. (2023). Kahon ng Pagpapahalaga [Lesson activity]. West Visayas State University.
Siason, A. (2023). Epekto ng Pagtupad ng mga Tungkulin Ko [Lesson activity]. West Visayas State University.
Siason, A. (2023). Lakbay-Isip sa Ibang Bansa [Lesson activity]. West Visayas State University.
Siason, A. (2023). Suriin at Pag-ugnayin Mo! [Lesson activity]. West Visayas State University.
Siason, A. (2023). Plano sa Pagsasakilos ng mga Tungkulin Ko [Lesson activity]. West Visayas State University.
Siason, A. (2023). Tseklist ng Pagsasagawa ng Tungkulin [Lesson activity]. West Visayas State University.
Villanueva, V. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. Makati: Bangkal.

Mga sanggunian ng larawan:


Department of Education (w.p.). nipa hut (bahay kubo) [Online image]. Learning Resource Portal. https://lrmds.deped.gov.ph/create/detail/306
freepik (w.p.). Free vector hand drawn flat design salat illustration [Online image]. https://shorturl.at/ipFVX
freepik (w.p.). Collection of people reading a book [Online image]. https://shorturl.at/fiDG0
freepik (w.p.). Free vector collection of illustrated minimalist characters doing housework [Online image]. https://shorturl.at/ci048
freepik (w.p.). Free vector family enjoying time together [Online image]. https://shorturl.at/alxP5
freepik (w.p.). Free vector ancient treasure chest with flat design [Online image]. https://shorturl.at/howS2
freepik (w.p.). Free vector hand drawn asian family illustration [Online image]. https://shorturl.at/csFNX
freepik (w.p.). Free vector big happy family with flat design [Online image]. https://shorturl.at/rATW4
freepik (w.p.). Free vector hand drawn family scenes illustration [Online image]. https://shorturl.at/chnyE
freepik (w.p.). Free vector hand drawn woman being jealous at couple illustration [Online image]. https://shorturl.at/agGY4

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**I. Balikan Natin**<br>**Gawain: *Hulaan Mo*!**<br>Panuto: Basahin ang mga kahulugan ng salita na nasa kahon at tukuyin kung anong uri ng pamilya ang sumusunod. Isulat ang sagot sa patlang<br><br>Binubuo ng tatlo o higit pang henerasyon ng pamilya mula sa lolo at lola, mga magulang, mga anak, at apo sa tuhod. → ____<br>Nagsasama ang mga magkakapatid sa isang bubong kasama ang kani-kaniyang pamilya o pinalawak na nukleyar na pamilya. → ____<br>Ang ama at ina ang gumagabay at nagtuturo ng mabuting asal at pagpapahalaga sa mga anak. → ____<br><br>**Sagot:** *extended* na pamilya, *joint* na pamilya, nukleyar na pamilya<br><br>**Kahon ng Pagpapahalaga**<br>(Siason, 2023)<br>Madalas ay maririnig na sinasabi ng mga Pilipinong magulang sa anak ang ganito: *"Maaaring wala akong materyal na kayamanan na maiiwan sa'yo, pero ang aming mga mabuting pangaral ay kayamanan na kailangan mo sa pag-unlad ng iyong buhay. Kahit anong yaman mo sa pera o pag-aari, kung masama naman ang iyong ugali ay hindi ka magiging masaya at lubusang magtatagumpay."*<br>Tanong: Kayo ba ay sang-ayon dito? Ipaliwanag ang sagot.<br>Ang mga birtud at pagpapahalagang ikinintal sa ating puso't isipan ng ating pamilya ay kayamanan na walang katumbas na halaga. | Ito ay isang modelong banghay-aralin lamang. Maaaring baguhin ng guro ang mga gawain na naaayon sa kasanayan na dapat malinang, sa kakayahan ng kaniyang mag-aaral, at sa oras na nakalaan sa aralin.<br><br>**Hulaan Mo!**<br>Maaaring magpakita rin ang guro ng larawan at ipahula sa mga mag-aaral bilang alternatibo sa gawaing ito.<br><br>**Kahon ng Pagpapahalaga**<br>Ang guro ay maghahanda ng isang kahon na kawangis ng isang *treasure box* at malilit na piraso ng papel na maaaring pagsulatan ng mga mag-aaral para sa gawaing ito.<br><br>Ang kahon ay ilalagay ng guro sa isang estratehikong lugar kung saan makikita ito ng mga mag-aaral upang magsilbing paalala sa kanila. Maaari ring |

<table>
<tr>
<td></td>
<td><br>Anong pagpapahalaga ang natutuhan mo sa iyong pamilya na hanggang ngayon ay nagsisilbing gabay mo sa pagkilos ng tama at paggawa ng wastong desisyon? Isulat sa maliit na piraso ng papel ang nasabing pagpapahalaga. Ibahagi sa klase kung bakit ito ay pagpapahalagang itinuturing mo na importante sa buhay mo. Pagkatapos ay ilagay ito sa kahon.</td>
<td>gamitin ang kahon ng imbakan ng mga mahahalagang aral na natutuhan ng mga mag-aaral sa mga aralin sa asignatura.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>Gawain 1: Magaling Ako Rito!<br>Ang pamilya ay isang mahalagang yunit sa ating lipunan. Ito ang unang paaralan kung saan tayo natututo ng mga aral at halaga na magbubukas ng landas sa ating kinabukasan. Sa pagsusulong ng isang matatag at masayang pamilya, mahalaga na ang bawat kasapi ay may malinaw na kaalaman at pag-unawa sa kanilang mga tungkulin. Ang bawat kasapi ay may gampanin. Tulad ng tahanan, ang bawat bahagi'y may kahalagahan na kapag wala, tila ang mahalagang estruktura na tagpuan ng unawaan at pagmamahalan ay kulang pero may paraan para punan.<br>Gawain: Kilalanin Siya!<br>Panuto: Basahin nang mabuti ang sumusunod na mga pahayag na nagpapahiwatig ng tungkulin ng bawat kasapi ng pamilya. Sa tradisyonal na estruktura ng pamilyang Pilipino, sino ang inaasahang gumawa ng sumusunod?
<table>
<tr><td>● haligi ng tahanan at lider ng pamilya<br>● nagdidisiplina sa mga anak<br>● nagbibigay proteksiyon sa pamilya<br>● nagtatrabaho at nagbibigay ng pinansyal na pangangailangan</td><td>Sino siya?<br>Sagot: Ama</td></tr>
<tr><td>• nag-aalaga sa mga anak<br>• gumagawa ng gawaing-bahay<br>• nagbabadyet</td><td>Sino siya?<br>Sagot: Ina</td></tr>
<tr><td>● tumutulong sa nanay sa gawaing-bahay<br>● nag-aalaga sa mga kapatid<br>● masinop sa pag-aaral</td><td>Sino siya?<br>Sagot: Ate; Anak na Babae</td></tr>
</table></td>
<td>Gawain 1: Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral<br>Gawain: Magaling Ako Rito!<br>Maaaring dagdagan ng guro o humingi ng opinyon sa mga mag-aaral hinggil sa iba pang bahagi ng bahay kung kinakailangan para mas mapalawak ang kaalaman tungkol sa tungkulin ng iba pang kasapi ng pamilya. Sa pagtatapos ng mga gawain, mahalagang malinaw sa mga mag-aaral ang mga susing kaisipan at naipahayag ng mag-aaral ang kahalagahan ng pag-unawa at pagsasabuhay ng mga tungkulin ng bawat kasapi ng pamilya.<br><br>Gawain: Kilalanin Siya!<br>Bilang alternatibong pamamaraan sa pagsasagawa</td>
</tr>
</table>

| | |
|---|---|
| • tumutulong sa tatay sa mga mabibigat na gawain<br>• nag-iigib at nagsisibak ng kahoy | Sino siya?<br>Sagot: Kuya; Anak na Lalaki |
| • kakampi ng mga apo<br>• kahalili ng nanay | Sino siya?<br>Sagot: Lola |
| • tagapayo ng mga lalaking apo<br>• tagabuhat ng mga apo<br>• halili ng tatay | Sino siya?<br>Sagot: Lolo |
| • nagsisilbing nakakatandang ate<br>• hingahan ng problema ng pamangkin<br>• tagaalalay sa mga pampaaralang gawain ng pamangkin | Sino siya?<br>Sagot: Tiya |
| • nagsisilbing nakakatandang kuya<br>• kaagapay ng pamangkin na lalaki sa mga lakaran | Sino siya?<br>Sagot: Tiyo |

**Gawain: *Susing Salita***
Panuto: Buoin ang mga salita sa bawat kahon upang mabuo ang palaisipan. Gamitin ang mga kahulugan sa ibaba at ang ibinigay na titik upang maging gabay upang matukoy ng salitang hinahanap.




nito, maaaring maghanda ang guro ng mga ginupit na larawan ng mga kasapi ng pamilya at ipapaskil sa mga mag-aaral sa nararapat na kolum.

Magpabigay rin sa mag-aaral ng mga karagdagang tungkulin ng bawat kasapi na kanilang nalalaman.

| | | |
|---|---|---|
| | N<br><br>N<br><br>**Pahalang**<br>1. Isang mahalagang yunit sa ating lipunan at paaralan kung saan natututo ng mga aral at halaga na magbubukas ng landas sa kinabukasan o maaari silang magkamag-anak sa pamamagitan ng pagsilang sa iisang pamilya, sa pag-aasawa, sa pag-ampon o sa pagsasama-sama sa iisang tahanan.<br>**Sagot: Pamilya**<br>2. Ideya tungkol sa/mga bagay at nagmula sa mga partikular na pagkakataon at pangyayari.<br>**Sagot: Konsepto**<br><br>**Pababa**<br>1. Tumutukoy sa iba't ibang katangiang pisikal, hormonal, at biyolohikal na tumutukoy sa isang indibidwal bilang lalaki, babae, o ibang kategorya ng kasarian.<br>**Sagot: Pangkasarian**<br>3. Tumutukoy sa proseso ng pagbabago at pag-unlad dala ng paglipas ng panahon.<br>**Sagot: Ebolusyon**<br>2. Pananagutan o responsibilidad na dapat gampanan ng isang tao.<br>**Sagot: Tungkulin** | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Mga Tungkulin ng Bawat Kasapi ng Pamilya at ang Kanilang Ebolusyon sa Paglipas ng Panahon**<br>Ang pagsasagawa ng mga tungkulin ay nagbubukas ng pintuan sa mas matatag, masaya, at makulay na samahan ng pamilyang kinabibilangan. Ang pagiging responsableng kasapi ng pamilya ay nakakatulong sa pagkakaroon ng balanse at malusog na relasyon sa tahanan.<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Gawain 3: Kilalanin Siya!**<br>Balikan ang gawaing *Kilalanin Siya!* Sa pagkakataong ito ay sagutin ang gawain na naaayon sa konteksto ng kasalukuyan o modernong pamilya. Maaari ring sagutin ito batay sa personal mo na karanasan. Pagkatapos ay sagutan ang sumusunod na mga tanong:<br><br>1. May pagkakatulad o pagkakaiba ba sa inyong naging sagot sa pagkakataong ito? Ipaliwanag ang sagot. | Sa araling ito, gagabayan ng guro na magkaroon ng kamalayan ang mga mag-aaral ukol sa konsepto ng pamilya at tungkulin ng bawat kasapi sa diskursong pangkasarian at konteksto ng ibang bansa.<br><br>**Gawain 3:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ipaunawa sa mga mag-aaral na bahagi ng pagbabago ng |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Bakit nanatiling magkatulad? Bakit mayroong pagkakaiba?<br>3. Anong mahalagang kaalaman ang nais ipahiwatig ng katatapos na gawain?<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Ipabasa ang teksto sa ibaba na may kaugnayan sa aralin. Mahalagang mahasa ang aspektong intelektuwal ng mga mag-aaral sa pagsagot sa mga gabay na tanong.<br>1. Sumasang-ayon ka ba na dapat ay pantay ang tungkulin na dapat gampanan ng mga magulang? Ipaliwanag ang sagot.<br>2. May kabutihan bang naidudulot kung pantay ang tungkulin na ginagampanan ng ama at ina?<br>3. Ano naman ang posibleng hamon o problema na kahaharapin ng pamilya kung pantay ang tungkuling ginagampanan ng mga magulang?<br>**Pagpapabasa ng Teksto 1: Pamilya sa Diskursong Pangkasarian**<br>**Pantay na Tungkulin ng mga Magulang sa Loob ng Tahanan**<br>Sinulat ni Irish Mae Manlapaz<br>Bagama't dapat ikatuwa ng mga misis ang pagtulong ng kanilang mister sa paggawa ng gawaing-bahay, hindi umano dapat nila itong pasalamatan. Sapagkat ito umano'y responsibilidad at tungkulin ng ama sa kaniyang pamilya na dapat ay regular niyang ginagawa. Hindi lang mas magpapatibay ng pagsasama ng buong pamilya kundi pati na rin nilang mag-asawa.<br>Ang kahalagahan ng pantay na paggawa ng tungkulin na ito'y sinasabing isa sa mga dahilan para maisalba ang isang relasyon mula sa paghihiwalay. Ayon sa isang report, lumabas na 45% *less happy* ang mga misis na mas gumagawa ng gawaing-bahay kumpara sa mga misis na tinutulungan o nakikibahagi ang mister sa gawaing-bahay. Sinuportahan ito ng isa pang pag-aaral na isinagawa sa UK, Sweden, at US na kung saan natuklasan na ang hindi pakikibahagi ng mga ama sa gawaing bahay ang isa sa mga dahilan kung bakit naghihiwalay ang mga mag-asawa sa nakaraang sampung taon. Ang pagpapakita rin ng pantay na tungkulin ng ama at ina o magulang sa isang bahay ay makakabuti sa kanilang mga anak. Sapagkat ito ang kanilang magiging batayan at modelo sa paghubog sa kung magiging ano at sino sila sa lipunan. Ito ang simula para maintindihan nila na ang mga babae at lalaki ay may pantay na karapatan na kanilang nakikita sa kanilang mga magulang. Bagama't sinasabing may ilang gawaing-bahay na babae lang ang nakakagawa ng mabuti gaya ng pag-aalaga ng anak, dapat ay maging pantay pa rin ang responsibilidad at | panahon ay ang paghahati-hati ng mga miyembro ng lipunan sa diskursong pangkasarian. Batay sa nakaugalian, lalo't higit sa pamilyang Pilipino, ang mga kalalakihan ang siyang naghahanapbuhay para sa pamilya samantalang ang mga kababaihan naman ay nananatili sa loob ng bahay. Ngunit sa paglipas ng panahon ay kapansin-pansin na hindi na ganito ang ating pananaw hindi lamang sa ating bansa gayundin sa ibang bahagi ng daigdig. Samakatuwid, bunga ng pagbabago sa lipunan, namulat ang mga tao sa mga pagbabago ng mga gampanin hindi lamang sa kalalakihan, maging sa mga kababaihan din.<br><br>Sa gawain, maaaring magdagdag ang mga mag-aaral ng kasapi ayun sa komposisyon ng pamilyang kinagisnan/kinabibilangan niya. Magpabigay rin sa mag-aaral ng mga karagdagang tungkulin ng bawat kasapi hango sa kanilang karanasan. |

| | | |
|---|---|---|
| | tungkulin ng ama at mga ina o magulang. Sapagkat ang pagwawalang bahala sa isyu na ito ay maaaring makasira ng pamilya na akala natin ay napapatakbo natin ng maayos at walang problema. Hindi lamang mapapadali ang mga bagay-bagay sa loob ng bahay lalo na sa pagpapalaki ng mga anak. Sa isang pamilya at pagsasama na mayroong pantay na responsibilidad mas nagiging malapit din ang isang mag-asawa. Kagaya nga ng mga sinasabi ng pag-aaral, maiiwasan nito ang pagkakaroon ng lamat sa isang relasyon. Maganda rin ito sapagkat nakakalikha sila ng isang *team* na mag-asawa. Kumbaga, nagtutulungan sa lahat ng aspekto kaya naman sa ganitong paraan mas napapadali at napapagaan ang mga gawain sa loob ng bahay.<br>Makakaiwas din sa mga sumbatan na kadalasan na pinagmumulan ng away ng mga mag-asawa. Kaya naman bilang mag-asawa dapat na pinag-uusapan din ang mga ganitong bagay. Ang mga gawain na pantay na ginagawa o ginagampanan ay kailangang magkasamang pinagkakasunduan. Hindi ito magiging madali sapagkat nakasanayan na sa ating lipunan na ang babae ay para lamang sa mga gawaing-bahay. Samantalang ang kalalakihan naman ay ang magtatrabaho at magbibigay ng mga pangangailangan ng pamilya sa usaping pinansiyal. Tandaan na hindi ito *social responsibility* ng *gender*. Isa ka mang ama o ina wala dapat na itinatangging tungkulin, kundi dapat parehas kayong tumutupad sa mga tungkulin bilang mga magulang. Sa ganitong paraan din natuturuan ninyo ang inyong mga anak ng *gender equality*. Maganda itong halimbawa para sa kanila na magagamit din nila sa kanilang paglaki<br>**Gawain 4: Iba na Ngayon sa Noon!**<br>Mga tanong para sa talakayan:<br>1. Anong pagbabago sa pampamilyang tungkulin ng babae at lalaki ang iyong naitala?<br>2. Ano ang mga salik na nagbigay-daan sa mga pagbabagong ito?<br>3. Ano ang iyong damdamin o saloobin sa mga pagbabagong ito?<br>**Konsepto ng Pamilya at Tungkulin ng mga Kasapi sa Konteksto ng Ibang Bansa**<br>Ang mga tungkulin ng pamilya ay naaayon din sa mga kaugalian at kultura ng isang bansa. Ang kamalayang ito ay magbubukas ng kaisipan sa bawat mag-aaral na tanggapin at igalang ang bawat kaibahan at pagbabagong nangyayari. Pagyamanin ang kaisipang ito sa tulong ng mga tampok na bansa sa tekstong babasahin.<br>**Pagpapabasa ng Teksto 1**<br>**Pamilya sa Tsina**<br>(Hango sa isinulat ni Scroope at Evason, 2017) | **Gawain 4:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Iba na Ngayon sa Noon!**<br>Maaari itong gawin na isang pangkatang gawain.<br><br>Sa pagproseso sa mga sagot sa ikalawang tanong, talakayin rin ang mga batas at programa na may kaugnayan sa *gender* at sekswalidad para sa karagdagang kaalaman ng mga mag-aaral. |

Ang yunit ng pamilya ay itinuturing na isa sa mga pinakasentro na institusyon. Para sa marami, ang kanilang pamilya ay nagbibigay sa kanila ng isang pakiramdam ng pagkakakilanlan at suporta. Ang isang asawang lalaki/ama ay inaasahang magpakita ng pangingibabaw at kabaitan sa kaniyang asawa bilang kapalit ng pagsunod at pagmamahal, at mag-alok ng patnubay at proteksiyon sa kaniyang mga anak bilang kapalit ng paggalang at pagsunod. Ang buong pamilya ay inaasahang kumonsulta sa mga nakatatanda ng pamilya tungkol sa malalaking desisyon. Bukod dito, inaasahang pangalagaan ng mga anak ang kanilang mga magulang sa kanilang pagtanda. Itinuturing na nakakahiya ang pagpapadala ng mga matatandang magulang sa pasilidad ng pangangalaga sa matatanda. Sa loob ng tradisyonal na hirarkiya ng sambahayan, ang patriyarka at tagapagbigay ng pamilya ay ang ama o panganay na anak na lalaki. Pinanindigan siya bilang pinakahuling tagapasya, kahit na ang ilang mga pamilya ay maaaring ipinagpaliban ang pagkonsulta sa kanilang mga nakatatanda. Ayon sa kaugalian, ang tungkulin ng ina ay tuparin ang mga tungkulin sa tahanan at pangangalaga sa mga anak. *Extended family* din ang karaniwang nakatira kasama ang unang pamilya. Habang tinatanggap ang pagkakapantay-pantay ng kasarian, nagagawa na ng mga kababaihan na magtrabaho at gumamit ng awtoridad sa mga usapin ng pamilya. Sa ilang *metropolitan* na lugar, tulad ng Shanghai, ang mga babae ay maaaring maging mas nangingibabaw kaysa sa mga lalaki sa sambahayan. Bukod dito, maraming kababaihan na naninirahan sa malalaking lungsod ang magtatrabaho upang mapababa ang pinansiyal na pasanin sa kanilang asawa. Gayunpaman, mayroon pa ring agwat ng kasarian sa pulitika at negosyo. Ang mga kababaihan ay madalas ding inaasahang mag-aalaga sa mga bata at sambahayan. Ang ilan sa mga kultura sa Tsina ay nabubuhay ayon sa isang matriyarkal na estruktura ng pamilya, na ang mga babae ang pinuno ng sambahayan at ang pangunahing gumagawa ng desisyon.

**Pagbabasa ng Teksto 2**

**Pamilya sa Italya**

(Hango sa isinulat ni Evason, 2017)

Ang pamilya ang pinakamahalagang aspekto ng buhay ng isang Italyano. Nagbibigay ito ng emosyonal at pang-ekonomiyang suporta sa indibidwal at kadalasang nagiging batayan ng kanilang mga *social circles*. Ang mga magulang na Italyano sa pangkalahatan ay may maraming awtoridad sa kanilang mga anak sa buong buhay nila. Karamihan sa mga Italyano ay naghahanap ng awtonomiya at kalayaan, ngunit dahil sa pang-ekonomiyang kalagayan ng bansa, marami ang nananatili sa bahay nang maraming taon hanggang sa kanilang pagtanda. Dumating din ang panahon sa

| | | |
|---|---|---|
| | Europa na ang mga anak ay nagsilisan sa tahanan ng kanilang mga magulang. Subalit, kahit na lumayo ang mga anak, nanatili pa ring matibay ang ugnayan ng pamilya. May malalim na paggalang sa matatandang miyembro ng pamilya sa kulturang Italyano. Ang matatandang miyembro ng pamilya ay lubos na nakatuon sa kanilang mga anak at apo. Ang kanilang pangangalaga ay may pag-asa na susuportahan at tutulungan sila ng kanilang mga anak sa buong pagtanda sa susunod na buhay. Iniiwasan ang *residential care* maliban kung walang ibang pagpipilian ang pamilya. Kahit na noon, ang mga *nursing home* ay madalas na tinitingnan nang negatibo at ang mga matatandang Italyano ay maaaring labanan na ilagay sa isa sa pamamagitan ng paglalapat ng moral na panggigipit at pagkakasala sa kanilang mga anak. Ang mga babaeng Italyano ay hinihikayat na maging malaya at matapang mula sa murang edad. Kilala sila sa kanilang pagtitiwala, bagaman ang mga personal na katangian ay nag-iiba sa isang indibidwal na batayan. Ang mga panlipunang saloobin ay nagbabago, ngunit maaari pa rin silang magpakita ng mga paghihirap para sa pag-unlad ng karera ng kababaihan dahil maaaring hindi sila seryosohin. Nahaharap din sila sa iba pang hamon sa lugar ng trabaho, tulad ng mas mababang sahod at kagustuhan para sa mga lalaking empleyado sa ilang sektor. Habang ang mga lalaki at babae ay may pantay na karapatan sa batas, ang lipunan ay higit sa lahat ay pinangungunahan ng mga lalaki. Sa loob ng dinamikong pamilya, ang lalaki ay karaniwang ang patriyarka at itinuturing na pangunahing kumikita. Ayon sa kaugalian, ang isang babae ay inaasahang gampanan ang mga tungkulin ng pag-aasawa at pagiging ina. Ngayon, karamihan sa mga babaeng Italyano ay tumatanggap ng mataas na antas ng edukasyon at trabaho upang mag-ambag sa kita ng sambahayan; gayunpaman, inaasahan pa rin silang maging responsable para sa karamihan ng mga tungkulin sa bahay.<br><br>***Alamin at Ibahagi Mo!***<br>**Lakbay-Isip sa Ibang Bansa**<br>(Siason, 2023)<br>Ang mga mag-aaral ay gagawa ng pananaliksik tungkol sa konsepto ng pamilya sa iba pang mga bansa. Maaari nilang piliin ang bansang nais nilang bisitahin balang araw para mas mapukaw pa ang kanilang interes sa pagsasagawa ng gawaing ito. Gawing batayan ang pormat. Bigyan ng pagkakataon na maibahagi ito ng mga mag-aaral sa klase.<br>Halimbawa:<br>**Bansa:** Pilpinas | **Lakbay-Isip sa Ibang Bansa**<br>Para mapagyaman pa ang kaalaman ng mga mag-aaral ukol sa konsepto ng pamilya at tungkulin ng mga kasapi sa konteksto ng ibang bansa, ang guro ay magbibigay ng isang pananaliksik na gawain sa mga mag-aaral. |

| Estruktura ng Pamilya:<br>● *Extended family; Close-knit*<br>● Kadalasan ay pinamumunuan ng ama | |
|---|---|
| **Mga Kasapi** | **Tungkulin** |
| Ama | ● Naghahanap-buhay<br>● Tagapagtanggol ng pamilya |
| | |

Mga tanong para sa talakayan:

1. Base sa mga pagbabahagi ng iyong mga kaklase at nabasa na teksto, ano-ano ang mga pagkakatulad o pagkakaiba ng mga tungkulin ng mga kasapi ng pamilya sa ibang bansa ang iyong napansin?
2. Kung ikaw ang papipiliin, sa anong konsepto ng pamilya ang iyong napupusuan? Ipaliwanag ang sagot.
3. Bakit mahalagang malaman ang konsepto ng pamilya sa iba't ibang bansa?

**IKATLONG ARAW**

**III. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 6: Suriin at Pag-ugnayin Mo!**

(Siason, 2023)

**Kaugnay na Paksa 2: Epekto ng Pagtupad sa mga Tungkulin sa Sarili at sa Pamilya**

**I. Pagproseso ng Pang-unawa**

Bawat tao ay may tungkulin na dapat gampanan at isakatuparan. Tulad ng isang puno, dapat matatag ang samahan ng bawat isa. Ang pagganap nang maayos sa mga tungkulin ay may makatutulong sa pagbabago at pagpapaunlad ng ating sarili at ng ating pamilya, gayundin sa pagpapalago ng ating lipunan. Ano kaya ang mangyayari kung hindi mo nagawa ang iyong tungkulin bilang isang anak at mag-aaral? Nakikita mo ba ang magiging epekto nito sa iyong sarili, sa pamilya mo, o sa lipunan?

**II. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Epekto ng Pagtupad ng mga Tungkulin**

Sa bawat pagtakbo ng panahon unti-unting nayayanig at nawawasak ang isang tahanan kung ang pagiging makasarili ng iilan ang mangingibabaw. Mahalagang

**Gawain 6:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*

**Paglalapat at Pag-uugnay**

Ang guro ay maaaring magdagdag pa ng situwasyon na susuriin ng mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| | turuan ang sarili na magkaroon ng matiyagang pagtupad sa tungkulin para mas lalong maging matatag ang relasyon sa pamilya. Ang pagtupad sa ating mga tungkulin ay may mas malalim at positibong epekto sa ating buhay na naglilinang ng magagandang gawi at disiplina sa sarili. Pinapalawak nito ang mga kasanayan sa pagpaplano at pagtatakda ng layunin na humahantong sa personal na paglago at tagumpay para sa matibay na samahan at ugnayan sa pamilya tungo sa isang matatag na lipunan.<br>**Gawain 7: Tukuyin at Suriin**<br>Mga tanong sa talakayan:<br>1. Bakit mahalagang maisakatuparan mo ang iyong mga tungkulin?<br>2. Ano ang epekto ng pagiging responsable mo sa pagtupad ng iyong tungkulin sa<br>a. iyong sarili?<br>b. iyong pamilya?<br>c. lipunan?<br>3. Anong pagpapahalaga ang iyong nahuhubog sa sarili kung ikaw ay matapat at matiyagang nagsasagawa ng iyong tungkulin?<br><br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 8: Pagsusuri ng Situwasyon**<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 3: Paraan ng Pagsasakilos sa mga Tungkulin sa Pamilyang Kinabibilangan**<br>**I. Pagproseso ng Pang-unawa**<br>***Roleta ng Kaalaman***<br>Panuto: Maghanda ng roleta, tradisyonal o makikita sa kompyuter. Siguraduhin ng guro na ang lahat ng pangalan ng mga mag-aaral ay makikita sa roleta. Paiikutin ang roleta at ang tatapatang pangalan ay siyang sasagot sa tanong. Hingan ng maikling paliwanag ang bawat sagot.<br>1. Ano ang mahalagang tungkulin mo sa pamilya na dapat sundin?<br>2. Sa mga tungkulin mayroon ang mga kasapi ng iyong pamilya, ano ang pinakamadali?<br>3. Sa mga tungkulin mayroon ang mga kasapi ng iyong pamilya, ano ang pinakamahirap? | **Gawain 8:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Gawain:** ***Roleta ng Kaalaman***<br>Ang guro ay maaari pang magdagdag ng mga katanungan na makakatulong sa pagproseso ng pang-unawa ng mga mag-aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Sa mga miyembro ng iyong pamilya, sino ang pinakamasunurin sa pagsunod ng nakatalagang gawain?<br><br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Gawain: *Tungkulin Ko, Gagawin Ko!***<br>**Plano sa Pagsasakilos ng mga Tungkulin Ko** (Siason, 2023)<br>Ang hindi pagtupad sa tungkulin ng isang kasapi ay maaaring makaapekto sa ugnayan ng pamilya. Bilang anak, mainam na maisagawa mo nang maayos ang mga nakaatang na responsibilidad.<br>**Gawain 9: Plano sa Pagsasakilos ng mga Tungkulin Ko**<br>**Gawain: *Pagnilayan Mo!***<br>Ano ang kabutihang naidudulot ng pagsasagawa nga mga tungkulin ng bawat kasapi ng pamilya upang:<br>a. maitaguyod ang mabuting gawi?<br>b. malinang ang positibong pagtingin sa sarili?<br>c. mapagtibay ang ugnayan sa pamilya?<br><br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 10 : Tularawan**<br>Isang estratehiya na pangunahing ginagamit ang ugnayan ng tula at larawan upang magbigay-kabuluhan sa natutuhan mula sa aralin. Hatiin sa maliit na pangkat ang mga mag-aaral. | **Gawain 9:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Gawain 10:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br><br>**Gawain: Tularawan**<br>Ang guro ay maaaring magdagdag ng mga larawan ayon sa bilang ng mga pangkat. |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **I. Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain: *Mas Malinaw na Ngayon!***<br>Panuto: Dugtungan ang mga sumusunod na pahayag upang makabuo ng pangkalahatang kaalaman tungkol sa aralin.<br>1. Ang bawat kasapi ng pamilya ay ____________________________.<br>2. Ang pagsasagawa ng tungkulin nang maayos ay nagdudulot ng _________________.<br>3. Nararapat na ang mga anak na tulad ko ay ______________________________.<br><br>**II. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gawain 11: Pangako Ko!** | ***Mas Malinaw na Ngayon!***<br>Mahalagang malagom ang kaalaman ng mga mag-aaral para mas maging handa sa mga susunod pa na mga aralin o paksang pag-aaralan.<br>**Gawain 11:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral* |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Gawain 12:** ***Tayain ang Sarili!***<br>**Mga Kasapi ng Pamilya at Kanilang Tungkulin**<br><br>**Tseklist ng Pagsasagawa ng Tungkulin** (Siason, 2023)<br>**Gawain 13: Tseklist ng Pagsasagawa ng Tungkulin**<br><br>**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>**Gawain 14: Simbolo ng Pamilya Ko, Iguguhit Ko!** | **Gawain 12:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Mga Kasapi ng Pamilya at Kanilang Tungkulin**<br>Ang guro ay maaaring magdagdag pa ng mga larawan ng kasapi ng pamilya na naaayon sa nalaman niyang estruktura ayon sa personal na konteksto ng mga mag-aaral.<br>**Gawain 13:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Tseklist ng Pagsasagawa ng Tungkulin**<br>Maaaring magdagdag ang mga mag-aaral ng personal na tungkulin na inaasahan ng kaniyang pamilya na dapat niyang gampanan.<br>**Gawain 14:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Simbolo ng Pamilya Ko, Iguguhit Ko**<br>Sa gawaing ito, bibigyan ng guro ng tagubilin ang mga mag-aaral na magdala ng mga kagamitang pansining tulad ng bond paper, pangkulay, at lapis. |

<table>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td></td></tr>
</table>